0743

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A (CALABARZON)
DIVISION OF CAVITE
Trece Martires City

Setyembre 2, 2016

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 113, s. 2016

PANDIBISYONG PALIGSAHAN SA PAGLIKHA NG MAIKLING PELIKULA

Sa mga: PangalawangTagapamanihala ng mga Paaralan
Pansamantalang Nanunungkulang Pangalawang Tagapamanihala
Hepe, CID at SGOD
Pandibisyong Tagamasid sa Filipino
Pampublikong Pampurok Tagamasid na Nakatalaga sa Filipino
Susing Punongguro Sekundarya
Ulongguro sa Filipino Sekundarya
Guro

1. Kaugnay ng pagdiriwang ng Pandibisyong Pista ng mga Talento, magkakaroon ng Pandibisyong Paligsahan sa Paglikhang Maikling Pelikula sa ika-14 ng Oktubre 2016 ganap na 8:00 ng umaga hanggang 5:00 nh sa Trece Martires City NHS, Trece Martires City.

2. Layunin ng paligsahan ang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paglikha ng maikling pelikula gayundin ang makalikom ng kagamitang pampagtuturo para sa disiplinang Filipino na magpapatibay ng kurikulum sa ilalim ng konseptong lokalisasyon at indiginisasyon.

3. Ang mga kalahok sa paligsahan ay piling mag-aaral mula sa Baitang 10.

4. Ang magwawagi sa paligsahan ang kakatawan sa Panrehiyong Pista ng mga Talento.

5. Ang mga kalahok ay walang babayarang rehistrasyon. Itinatagubilin na magdala ng kani-kanilang probisyon sa pagkain.

6. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga Alituntunin at Patakaran ng paligsahan.

7. Inaasahan ang mabisang pagpapakalat at pagsunod ng memorandum na ito.

CHERRYLOU D. DE MESA
Pansamantalang Nanunungkulan
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Inklusyon: tulad ng nasasaad
Ilalagay sa palagiangTalatuntunin
Sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

PALIGSAHAN
MAG-AARAL
Inklosyur 1 sa Pandibisyong Memorandum Blg. ___, s. 2016

Alituntunin at Patakaran sa Paligsahang Paglikha ng Maikling Pelikula

1. Ang mga mag-aaral ay bubuo ng 10 kasapi at dapat na magmumula sa ika-10 Baitang ng isang paaralang pansekundarya.

2. Ang pelikula ay nakalagay sa CD at Flash Drive.

3. Ang paksang tatalakayin ay mula sa PILOSOPIYA ng "4 na Elemento ng Lupa"

   Elementong HALT – Hangin, Apoy, Lupa at Tubig

4. Ang pamantayan sa paghusga ay ang mga sumusunod:

Istorya	25%
Sinematograpiya	15%
Produksyong Disenyo	15%
Tunog/Musika	15%
Iskrinplay	15%
Editing	15%
Kabuuan:	----------
	100%

5. Ang paligsahan ay hihirang din ng mga sumusunod:

   a. Pinakamahusay na katulong ng Aktor
   b. Pinakamahusay na katulong ng Aktres
   c. Pinakamahusay na Aktor
   d. Pinakamahusay na Aktres
   e. Pinakamahusay na Direktor
   f. Pinakamahusay na Pelikula
   g. Pinakamahusay sa Istorya,
   h. Pinakamahusay sa Iskrinplay,
   i. Pinakamahusay sa Paglalapat ng Musika/Tunog,
   j. Pinakamhusay sa Sinematograpiya,
   k. Pinakamahusay sa Editing at
   l. Pinakamahusay sa Produksiyong Disenyo

6. Ang pelikula ay sa loob lamang ng 10 minuto at mula sa orihinal na iskrip na gawa/isinulat/nilikha ng mga mag-aaral. Ang lalabis sa 10 minutong palabas ay may kaukulang bawas sa average na husga ng inampalan. Isang puntos na bawas sa bawa tminutong labis mula sa itinadhanang palighsahan.

7. Hindi dapat kakitaan ng Bulgar na mga eksena ang ilalahok na pelikula. Awtomatikong eliminated ang kalahok na ito.

***Tandaan na sa lahat ng paligsahan, ang desisyon ng inampalan ay pinal at hindi na mapasusubalian pa ng kung sino pa man.